

| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | DepEdClub.com | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File created by Ma'am CRISTINA P. REYES | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | APRIL 10 - 14, 2023 (WEEK 9) | Quarter: | 3RD QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Pakikinig<br>Naipapamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan. | Pagsasalita<br>Naipapamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin. | Pagbasa<br>● Naisasagawa ang isang mapanuring pagbasa sa iba't ibang uri ng teksto at napapalawak ang talasalitaan.<br>● Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto. | Pagsulat<br>Napauunlad ang kasanyan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sulatin. | |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Naisasagawa ang mga hakbang o panutong napakinggan. | Nakapagbibigay ng isang panuto. | ● Nakabubuo ng isang nakalarawang balangkas.<br>● Nakagagawa ng nakalarawang balangkas upang maipakita ang nakalap na datos o impormasyon. | Nakasusulat ng isang talambuhay at orihinal na tula. | |
| C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | **F6PN-IIIi-19**<br>Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan. | **F6WG-IIIi-10**<br>Nagagamit nang wasto ang pang-angkop. | **F6PT-IIIi-1.16**<br>Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di-pamilyar na salita sa pamamagitan ng pag-uugnay sa ibang asignatura.<br><br>**F6PB-IIIi-2**<br>Nakasusunod sa nakasulat na panuto.<br><br>**F6EP-IIIai-8**<br>Nagagamit ang nakalarawang balangkas upang maipakita ang nakalap na impormasyon o datos. | **F6PU-IIIi-2.3**<br>Nakasusulat ng liham.<br>**F6PL-0a-j-3**<br>Nagagamit ang wika bilang tugon sa sariling pangangailangan at sitwasyon. | 80-100% ng mga tanong sa lingguhang pagsusulit/ kasanayan sa pagganap ay nasasagot/ naisasagawa ng mga mag-aaral. |
| **II. NILALAMAN** | Pagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan.<br><br>Awit: Anak ng Pasig | Paggamit nang wasto ang mga pang-angkop. | A. Pagbibigay ng kahulugan ng pamilyar at di-pamilyar na salita sa pamamagitan pag-uugnay sa ibang asignatura.<br>B. Pagsunod sa nakasulat na panuto. | Pagsulat ng liham. | Lingguhang Pagtataya |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |
| 2. Mga pahina sa Gabay ng Pang-mag-aaral | | | | | |
| 3. Mga pahina Teksbuk | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource | | | | | |
| B. Iba pang Kagamitang pangturo | Baybayin 6 pah. 231-232<br>Mga larawan ng kalikasan, manila paper, pentel pen | Baybayin 6 pah. 233, Pintig ng Lahing Pilipino 6, pah. 307-308, Bagong Filipino 6 pah.290-291 manila paper, pentel pen, tarpapel na puno, | Baybayin 6 pah. 225-226, Yamang Filipino 6 pah. 304, Bagong Filipino 6 pah.9-10<br>Larawan ng kalikasan at batang nagdidilig | Bagong Filipino 6 pah. 220<br>Manila paper, pentel pen, sobreng may kulay, tarpapel | Test Notebook, papel, ballpen at test paper |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| A. Balik –Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin | **Paunang Pagtataya:**<br>Ibigay ang paunang pagtataya sa ibaba upang malaman ang kahandaan ng mag-aaral para sa aralin.<br><br> - Kayang gawin<br> - Di ko magagawa<br><br>_____1. Maisasagawa ko nang maayos ang buod sa tekstong aking napakinggan.<br>_____2. Makikipagtulungan ako sa aking mga kasama sa pangkatang-gawain.<br>_____3. Makikisalamuha ako sa mga talakayan sa klase.<br>_____4. Maipapasa ko sa tamang oras ang aking mga gawain.<br>_____5. Iintindihin ko an gaming aralin. | **Balik-aral:**<br>Awitin natin muli ang Anak ng Pasig.<br>Ano ang buod ng awiting "Anak ng Pasig"? | **Balik-aral:**<br>Ano ang pang-angkop?<br>Magbigay ng mga pariralang mayroong pang-angkop.<br><br>Gamitin ang vocabulary knowledge scale sa pagtatasa sa talasalitaang gagamitin para sa aralin sa pakikinig.<br><br>**Vocabulary Knowledge Scale**<br>Sa bawat salitang ipapakita ng guro na nakasulat sa bituin, isusulat nila sa papel ang bilang kung 5-1 kung saan nag-uugnay ang kanilang nararamdaman o naiisip.<br>● 5-alam ko ang salita/parirala at kaya kong gamitin sa pangungusap<br>● 4- alam ko ang salita/parirala at maibibigay ko ang kahulugan<br>● 3-nakita ko na dati itong salita/parirala. Sa palagay ko maibibigay ko ang kahulugan.<br>● 2-Nakita ko na dati ang salita/parirala ngunit di ko alam ang kahulugan. | **Balik-aral:**<br>-Paano ang pagsunod sa mga panuto?<br>-Ano ang mga dapat tandaan sa pagsunod ng panuto na nakasulat?<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | **Pagbabalik-aral:**<br>Sabihin:<br>Balikan natin ang ating nakarang mga aralin.<br>Ano-ano ang mga nakaraang aralin natin?<br><br>**Pamantayan sa Pagsusulit**<br>(Magtatanong ang guro)<br>Ano ang mga dapat tandaan kapag kayo ay kumukuha ng pagsusulit? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Gamitin ang vocabulary knowledge scale sa pagtatasa sa talasalitaang gagamitin para sa aralin sa pakikinig.<br><br>**Vocabulary Knowledge Scale**<br>Sa bawat salitang ipapakita ng guro na nakasulat sa bituin, isusulat nila sa papel ang bilang kung 5-1 kung saan nag-uugnay ang kanilang nararamdaman o naiisip.<br>• 5-alam ko ang salita/parirala at kaya kong gamitin sa pangungusap<br>• 4- alam ko ang salita/parirala at maibibigay ko ang kahulugan<br>• 3-nakita ko na dati itong salita/parirala. Sa palagay ko maibibigay ko ang kahulugan.<br>• 2-Nakita ko na dati ang salita/parirala ngunit di ko alam ang kahulugan.<br><br>Ilog Pasig<br>Umusbong<br>Nilason<br><br>(Pagkatapos maipakita ang mga salita, gawin ang talasalitaan)<br><br>**Talasalitaan:**<br>(Magpapakita ang guro ng mga larawan tungkol sa mga salitang nakakahon.) | | Compost pit<br>Biodegradable<br>Waste segregation<br>Polusyon<br>Global Warming<br><br>**Pagpapaunlad ng Talasalitaan:**<br>Ang awiting "Anak ng Pasig" ay may temang pangkalikasan. Iugnay ito sa asignaturang agham upang maibigay ang kahulugan ng mga terminong may kaugnayan sa kalikasan.<br>Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa loob ng kahon.<br>______1.Resulta ito ng pagkasira ng kapaligiran.<br>______2. Maiuugnay rito ang ingay ng kotse, maruming tubig at amoy ng basura.<br>______3. Kabilang sa uri ng basurang ito ang pagkain, papel, dahon at iba pa.<br>______4. Kinakailangan ito upang maayos na magbuklod-buklod ang mga basura.<br>______5. Proseso ito ng paggawa ng pataba galing sa mga nabubulok na basura.<br>A. Compost pit<br>B. Biodegradable<br>C. Waste Segregation<br>D. Polusyon<br>E. Global Warming<br>F. Non-biodegradable<br>**Pamantayan sa Pag-awit:**<br>Ano ang mga dapat tandaan kapag kayo ay umaawit ng isang awitin? | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Itanong:<br>Ano ang masasabi ninyo sa<br>**Ilog Pasig**<br><br>Ano ang pagkakaunawa ninyo sa salitang ito?<br>**Umusbong**<br><br>Gamitin mo nga sa pangungusap ang salitang umusbong.<br>Sabihin:<br>Ibigay ang kasingkahulugan ng salitang nakakahon sa pangungusap.<br>**Nilason** ming<br><br>kapitbahay ang aking alagang hayop.<br><br>**Pamantayan sa pakikinig ng teksto:**<br>-Ano ang dapat tandaan kapag nakikinig ng teksto? | | | | |
| B. Paghahabi ng layunin ng aralin at paglalahat | **Pagganyak:**<br>-Pagpapakita ng mga larawan ng kalikasan.<br> | **Pagganyak:**<br>Balikan natin ang awiting Anak ng Pasig. Ano ang mensahe ng awit?<br><br>**Paglalahad/Pagmomodelo:** | **Pagganyak:**<br>Tingnan natin muli ang larawang ginamit natin nung Lunes.<br> | **Pagganyak:**<br>-Naranasan ninyo na bang gumawa ng isang liham?<br>-Anong uri ng liham ang inyong isinulat?<br>-Para kanino ang inyong ginawang liham? | **Pagsasagawa ng gawain sa pagsusulit/pagganap**<br><br>A. Paghahanda<br>B. Pagbibigay ng panuto ng pagsusulit.<br>C. Pagsusulit ng mga bata |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| (Pagmomodelo at Paglalahat) | -Ano ang masasabi ninyo sa mga larawan?<br>-Ano ang magagawa mo upang makatulong sa suliraning pangkalikasan na nasa larawan?<br><br>Pakikinig ng mga bata sa awiting Anak ng Pasig.<br><br>**Tanong na Pang-unawa:**<br>-Ano ang tema ng awiting napakinggan?<br>-Ano-anong suliranin ang binanggit sa awitin? Magbigay ka ng mungkahing solusyon sa mga nabanggit na suliranin sa awit.<br><br>**Paglalahad/Pagmomodelo:**<br><br>-Mabubuod ba natin ang isang awitin?<br>-Ano ang buod ng awit?<br>(Magbabasa muli ng isang maikling kuwento ang guro at ibibigay ng mga bata ang buod ng kuwento.)<br><br>**Paglalahat:**<br>Sa pagbibigay ng buod ng isang kwento, salaysay, o talata mahalagang makabuo muna ng balangkas na maaaring nasa ating isipan lamang o kaya ay maaari rin namang | Basahin ang sumusunod na parirala na hango sa awitng Anak ng Pasig.<br><br>* mabahong basura<br>* maruming kapaligiran<br>* basurang bulok<br>* ilog na itim<br>* buong mundo<br>-Ano ang napansin ninyo sa mga parirala?<br>-Paano ginamit ang –ng at na?<br>**Paglalahat:**<br>(Tingnan sa LM ) | -Ano angmangyayari sa ating bansa kung ang kalikasan natin ay ganito?<br>-Ano ang mga dapat gawin para hindi maging ganito ang ating paligid?<br><br>**Paglalahad/Pagmomodelo:**<br>Pag-awit:<br>Awitin ninyo nga ang "Anak ng Pasig".<br><br>**Tanong na Pang-unawa:**<br>-Ano ang mensahe ng awitin?<br>-Saan ba nagsisimula ang paglilinis ng kapaligiran?<br>-Paano k aba magtapon ng basura?<br>-Bilang isang mag-aaral o bata paano ka makatutulong sa ating kalikasan?<br>-Sumunod sa mga panuto.<br>1. Sa unang pagbasa, basahin ang awit nang tahimik.<br>2. Sa ikalawang pagbasa, basahin ito nang patula na malakas.<br>3. Hintayin muna ang hudyat ng iyong guro bago tulain nang malakas.<br>4. Matapos awitin ito ng sabay-sabay.<br>-Nakasunod ba kayo sa aking panuto?<br>**Paglalahat:**<br>Tingnan sa LM | -Ano ang nakapaloob sa inyong liham? Maaari mo ba itong ilahad sa klase?<br>**Paglalahad/Pagmomodelo:**<br>-Basahin ang liham na nasa pisara. (nasa LM ang liham)<br>**Tanong na Pang-unawa:**<br>1. Sino ang sinusulatan ni Mario Santa Maria?<br>2. Ano ang nais niyang ipabatid sa patnugot?<br>3. May mabuti bang naidudulot ang utos na zero collection ng pangulo? Anu-ano ang mga ito?<br>4. Anu-ano naman ang hindi mabuting dulot ng utos na ito?<br>5. Sa palagay mo sino kaya ang nabibigyang proteksyon sa utos na ito?<br>6. Bakit kaya sumulat si Mario Santa Maria sa patnugot?<br>7. Ano ang liham ang nasa pisara?<br>**Paglalahat:**<br>Ang isang liham ay may iba't ibang bahagi. Ito ay ang:<br>pamuhatan, bating panimula, katawan ng liham, bating pangwakas, at lagda.<br>Ito ang dapat mong tandaan sa pagsulat ng liham: Una, kinakailangang ito ay may magandang kaanyuan, nasusulat sa malinis na papel at mabuting sulat-kamay. Pangalawa, dapat ay maayos ang kabuuan. Pangatlo, ipadama sa sinusulatan na sadyang sinusulat ang liham para sa kanya. Pang-apat, tandaan na ang liham ay nagpapakita ng inyong sariling pagkatao, pinag-aralan at pag-uugali. Panghuli, tiyaking wasto ang baybay ng mga salita, bantas ng mga pangungusap at gamit ng malaking letra. Sa paglahad ng isyu tiyaking balanse ito sa paraang naibibigay ang mga positibo at negatibong isyu ng paksa. | D. Pagwawasto ng pagsusulit<br>E. Pagtatala ng iskor<br><br>**Pagbibigay ng komento o suhestiyon**. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | isulat. Unang-una, isulat ang pamagat ng kwento. Pangalawa, hatiin sa bahagi ang teksto batay sa kwento na bibigyang buod. Pangatlo, sa bawat paksa dapat mailalahad ang ang mga mahahalagang detalye na magbibgay ng mga kaisipang mag uugnay sa paksa.<br>Ang isinasama lamang sa isang buod ay ang mga pangunahing tauhan, ang mga mahahalagang pangyayari, at ang kinahinatnan nito.<br>Sikaping gamitin ang sarilng pangungusap sa paggawa ng buod upang ito ay maging mas payak at agad mauunawaan. | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **C.Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin**<br><br>(Pinatnubayang Pagsasanay) | **Gawin Natin 1:**<br>(Ipapagawa ng guro ang pangkatang gawain)<br><br>Pangkatang-gawain:<br>Pangkatin sa apat ang klase. Bawat pangkat ay may lider.<br>-Dapat lahat ng pangkat ay may manila paper at pentel pen.<br>-Makinig sa aking maikling kuwento. **(Ang Mabuting Samaritano)**<br>(tingnan ang kuwento sa Learning )<br>-Isulat ang buod ng kuwento isulat sa manila paper ang inyong sagot.<br>-Babasahin ng lider ang sagot ng grupo ninyo. | **Gawin Natin 1:**<br>(Ipapagawa ng guro ang pangkatang gawain)<br><br>Pangkatang-gawain:<br>Pangkatin sa apat ang klase. Bawat pangkat ay may lider.<br>Mula sa usapang ibinigay ko sa inyo. Piliin ang mga pariralang may pang-angkop na ginamit. Mabilisan ang gawa sa loob ng isang minuto dapat tapos na kayo. Ang mahuli ay talo na. | **Gawin Natin 1:**<br>(Ipapagawa ng guro ang pangkatang gawain)<br><br>Pangkatang-gawain:<br>Pangkatin sa apat ang klase. Pumili ng isang kalihim at lider sa bawat pangkat. Ang kalihim ang lalapit sa guro. Ipapaliwanag at sasabihin ng guro ang mga panuto na kanilang gagawin. Pagkatapos ay babalik sa bawat grupo ang kalihim at kanilang sisimulan ang mga panutong napakinggang ng kalihim.<br>Mga panuto:<br>1. Sa manila paper, gumuhit ng bilog.<br>2. Sa loob ng bilog, iguhit ang tatsulok.<br>3. Sa loob ng tatsulok igunit ang parisukat.<br>4. Isulat ang pangalan ng inyong pangkat sa loob ng parisukat.<br>-Tingnan natin kung sino ang nakasunod?<br>-Ano ang inyong naramdaman matapos na isagawa ang gawain? Lahat ba ay tumulong at nakiisa? | **Gawin Natin 1:**<br>(Ipapagawa ng guro ang pangkatang gawain)<br><br>Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat. Bawat grupo ay gagawa ng tig-isang halimbawa ng liham sa patnugot sa kinauukulang tanggapan. Bawat grupo ay bibigyan ng manila paper upang dito isulat ang liham. Pumili ng dalawang miyembro sa inyong grupo na maglalahad ng inyong ginawa sa klase. 5 minuto lamang ang nakalaan sa inyo upang gawin ito.<br>(Gagabayan ang mga bata sa pangkatang-gawaing ito.) | |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan # 1<br><br>(Pinatnubayang Pagsasanay) | **Gawin Natin 2:**<br>(Ipapagawa ng guro ang pangkatang gawain)<br><br>Pangkatang-gawain:<br>Makinig sa babasahing maikling salaysay ng guro.<br>Bumuo ng isang lagom o buod tungkol dito. Isulat sa ¼ na manila paper ang buod. **(Ang Pagpapaalis sa mga Iskwater)**<br>Isang minuto lamang ang oras ninyo dapat tapos na kayo. Ang | **Gawin Natin 2:**<br>(Ipapagawa ng guro ang pangkatang gawain)<br><br>Pangkatang-gawain:<br>Humanap ng dalawang kapareha at suriin ang ginamit na mga pang-angkop sa talata. Itama ang mga bahaging kailangang baguhin. Isulat muli ang buong talata sa manila paper.<br>Gawin lamang ito ng dalawang minuto. Handa na ba kayo? | **Gawin Natin 2:**<br>Tingnan ang dalawang bilog sa pisara.<br>-Humanap ng kapareha at pag-usapan ninyo ang inyong isusulat sa loob ng bilog.<br>Basahin ang panuto sa pisara.<br>● Lagyan ang kaliwang bilog ng mga gawaing umaabusi sa kalikasan. Isulat naman sa kanang bilog ang mga solusyon sa mga ganitong gawain.<br>-Mauuna muna akong gumawa para makita ninyo kung paano. Handa na ba | **Gawin Natin 2:**<br>(Ipapagawa ng guro ang pangkatang gawain)<br><br>Pangkat-gawain:<br>Bumuo ng apat na grupo sa klase. Isang sulatang papel lamang sa bawat grupo. Gumawa ng lihan pangangalakal ayon sa layuning itatakda ng guro para sa bawat grupo.<br><br>Pangkat I- Pagkakataong mamamasyal sa Museong Pambata. Liham para sa punong-guro ng paaralan. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | pangkat na di natapos ay talo na. | | kayo? Pag-usapan ninyo na ang isasagot sa bilog. Sumunod sa panutong nakasulat sa pisara. | Pangkat II- Pagtatanim ng puno sa tabing kalsada. Liham para sa punong barangay.<br>Pangkat III- Liham para sa malapit na Limbagan. Isyu ng magasin patungkol sa mga kabataan.<br>Pangkat IV- Pagmimisa sa bakuran ng paaralan. Liham para sa padre paroko. | |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan # 2<br><br>(Pagpapalawak ng Kasanayan) | **Gawin Ninyo 1:**<br>Humanap ng kapareha.<br>Pag-usapan ninyo kung paano makabubuod ng maikling talata.<br>Babasahin ko ang talata. (Ang Pagmamasid sa Museo)<br>makinig nang mabuti sa talatang babasahin ng guro.<br>Isulat ang inyong lagom o buod sa isang malinis na papel.<br>Handa na ba kayong makinig. | **Gawin Ninyo 1:**<br>(Ipapagawa ng guro ang laro sa mga bata.)<br><br>Maglaro Tayo:<br>IPASA MO<br>Panuto:<br>Itong kahon ay ipapasa ninyo sa kaklase mo. Kapag ang musika ay tumigil kung sino ang may hawak ng kahon bubunot sa loob ng kahon at sasagutin ang tanong. (pagbuo ng pang-angkop sa pangungusap) | **Gawin Ninyo 1:**<br>Ngayon naman ay kanya-kanyang gawa. Sundin ang panuto na nakasulat sa tarpapel na nasa pisara.<br>1. Isulat ang buong pangalan sa kaliwang itaas na bahagi ng papel.<br>2. Sa ibaba ng pangalan, isulat ang baiting at seksyon.<br>3. Sa tapat ng pangalan, sa kanang bahagi ng papel isulat naman ang petsa ngayon.<br>4. Iguhit ang larawan sa pinakagitnang bahagi ng papel at ikulong ito sa kahon pagkatapos maiguhit. (nasa pisara ang larawam)<br>5. Lagyan ng angkop ma pamagat ang larawan sa ibabang gitnang bahagi nito. | **Gawin Ninyo 1:**<br>Maglaro Tayo:<br>Panuto:<br>Sa loob ng envelop may mga metacards.<br>Isaayos ang mga metacards sa tamang bahagi ng liham.<br>(nasa ng LM) | |
| F. Paglinang sa kabihasaan (Tungo sa Formative Assessment) | **Gawin Ninyo 2:**<br>Makinig sa kuwentong babasahin ng guro.<br>(isang Usapan)<br>Isulat ang buod ng usapan sa isang buong papel. | **Gawin Ninyo 2:**<br>(Ipapagawa ng guro ang laro sa mga bata.)<br><br>Larong Relay:<br>Ipangkat sa 2 grupo ang klase.<br>Mula sa linya iikot ng palakad na mabilis para pumitas ng mangga sa pisara. Ang unang makakapitas ng bunga ang magbabasa at lalagyan ng tamang pang-angkop ang parirala o pangungusap.<br>Mayroon akong puno sa pisara.<br>(tarpapel na puno na may manggang) | **Gawin Ninyo 2:**<br>(Ipapagawa ng guro ang laro sa mga bata.)<br><br>Maglaro Tayo:<br>Bibigyan ng tig-isang envelop ang bawat pangkat. Sa loob ng envelop mayroong manila paper na may puzzle.<br>1. Bilugan ang mga salitang mabubuo ninyo sa puzzle.<br>2. Isulat ang mga salitang nabilugan sa patlang.<br>Gawin ng isang minuto lamang. (nasa LM pah.8 ang puzzle) | **Gawin Ninyo 2:**<br>(Ipapagawa ng guro ang laro sa mga bata.)<br><br>Maglaro tayo:<br>Bawat pangkat ay may kinatawan. Lahat ay makakalaro. Pipili kayo ng sobre sa tsart pagkatapos basahin ang tanong sa harapan. Sagutin ang tanong. Kapag ang sagot ay mali maaari makasagot ang ibang grupo. Hintayin ang hudyat ko sa pagsagot. Ang pangkat na maraming sagot ang siyang panalo. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw araw na buhay<br><br>(Aplikasyon) | **Gawin Mo 1:**<br>Pakinggang mabuti ang kuwento ng guro.<br>Pagkatapos, isulat ang buod ng kuwento sa inyong folder ng Sulatin. (Salamat sa Kooperatiba).<br>(tingnan ang kuwento sa LM na kasama sa DLL) | **Gawin Mo 1:**<br>(Ipapagawa ng guro ang gawain sa ibaba.)<br>Panuto:<br>Salungguhitan ang mga salitang pinag-ugnay ng pang-angkop.<br>1. Ang tapuy ay bahagi ng tradisyonal na ritwal ng mga pangkat-etniko sa bansa.<br>2. Ang Abel Iloko ay yari sa pinagtagpi-tagping sinulid mula sa dahon ng pinya.<br>3. Ang matitibay at makukulay na banig ay nagbuhat sa Samal.<br>4. Ang mahabang kalis ay ginamit na sandata ng mga Tausug at Maranao.<br>5. Hinati sa magkahiwalay na lalawigan ang Apayao at Kalinga noong Pebrero 14, 1995. | **Gawin Mo 1:**<br>(Ipapagawa ng guro ang gawain sa ibaba.)<br>Panuto:<br>Gawin ang mga panutong nakasulat sa pisara. Isulat ito sa kuwadernong pagsasanay.<br>1. Gumuhit ng isang bilog, parihaba at parisukat. Isulat sa loob ng parihaba ang bilang ng pulong matatagpuan sa Pilipinas.<br>2. Malaki ba ang Pilipinas? Kung OO, gumuhit ng bulaklak; kung hindi, isulat ang iyong pangalan.<br>3. Ano-ano ang mga nakukuha sa mga karagatan? Isulat ang mga ito sa loob ng isang parisukat.<br>4. May mina baa ting kabundukan? Isulat ang sagot sa ibaba. Sa tabi ng sagot sumulat ng isang uri ng mina.<br>5. Ayon sa talata saan sagana ang Pilipinas? Isulat ang sagot sa isang parihaba. | **Gawin Mo 1:**<br>Isulat sa patlang kung anong bahagi ng liham sa patnugot ang mga sumusunod: (tingnan ng LM) | |
| H. Pagtataya ng aralin (Optional na gawain para sa guro kung maganda ang kinalalabasan ng Gawin Mo)<br><br>(Malayang Pagsasanay) | **Gawin Mo 2:**<br>Panuto:<br>Pakinggang mabuti ang kuwento ng guro tungkol sa Alamat ang Alagaw.<br>Isulat ang buod sa isang buong papel. | **Gawin Mo 2:**<br>(Ipapagawa ng guro ang gawain sa ibaba.)<br>Panuto:<br>Buuin ang mga pangungusap. Lagyan ng pang-angkop ang dalawang salitang dapat pag-ugnayin.<br>1. May mga bagay _______ nakatutulong upang tayo ay umunlad.<br>2. Ang pamahalaan ay handa ______ tumulong sa atin tungo sa pag-unlad ng kabuhayan natin.<br>3. Sa kasalukuyan, tayo ay may mga makabago ____ kagamitan.<br>4. Ang mga planta ng koryente ay ipinatayo upang tumugon sa atin___ pangangailangan. | **Gawin Mo 2:**<br>(Ipapagawa ng guro ang gawain sa ibaba.)<br>Panuto:<br>Gawin ang mga panuto.<br>1. Sipiin sa ibaba ang pamagat ng tula.__________<br>2. Iguhit ang inilalarawan sa tula.__________________<br>3. Sipiin sa parihaba ang salitang nagsasabi ng kahalagahan ng watawat.<br>4. Iguhit sa tatsulok ang kumakatawan sa Luzon, Visayas at Mindanao.<br>5. Isulat ang tatlong kulay ng ating watawat at isulat sa tabi ng kulay ang kahulugan nito.<br>___________ ___________<br>___________ ___________<br>___________ ___________ | **Gawin Mo 2:**<br>Panuto:<br>Kunin ninyo ang inyong fofder. Sumulat ng liham sa patnugot na nasa sinagutan ninyo kanina tungkol sa hiling ng Little Journalist Club.<br>Isulat at isaayos ang pagkakasulat ng liham sa patnugot. Kailangan ay tama ang pagkakalagay ng bantas. Isulat sa folder ang liham. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 5. Ang iba't iba___ paraan ng kalinisan ay itinuturo ng mga Pilipino. | | | |
| I. Karagdagan Gawain para sa takdang aralin at remediation | Ipagawa ang pangkatang-gawaing ito ayon sa kasanayan ng mga bata. (tingnan sa LM na kasama sa DLL) | Ipagawa ang pangkatang-gawaing ito ayon sa kasanayan ng mga bata. (tingnan sa LM na kasama sa DLL) | Ipagawa ang pangkatang-gawaing ito ayon sa kasanayan ng mga bata. (tingnan sa LM na kasama sa DLL) | Ipagawa ang pangkatang-gawaing ito ayon sa kasanayan ng mga bata. (tingnan sa LM na kasama sa DLL) | |
| **V.MGA TALA**<br>Note: Ito ang halimbawa ng ilalagaya sa Mga Tala at Pagninilay | Bilang ng mga mag-aaral: 40<br>5 x 18= 90<br>4 x 15= 70<br>3 x 5= 15<br>2 x 2= 4<br>1 x 0= 0<br>0 x 0= 0<br>40x5=200 179/200=90% | Bilang ng mga mag-aaral: 40<br>5 x 18= 90<br>4 x 15= 70<br>3 x 5= 15<br>2 x 2= 4<br>1 x 0= 0<br>0 x 0= 0<br>40x5=200 179/200=90% | Bilang ng mga mag-aaral: 40<br>5 x 18= 90<br>4 x 15= 70<br>3 x 5= 15<br>2 x 2= 4<br>1 x 0= 0<br>0 x 0= 0<br>40x5=200 179/200=90% | Bilang ng mga mag-aaral: 40<br>5 x 18= 90<br>4 x 15= 70<br>3 x 5= 15<br>2 x 2= 4<br>1 x 0= 0<br>0 x 0= 0<br>40x5=200 179/200=90% | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya | 33 | 33 | 33 | 33 | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang Gawain para sa remediation | 2 | 2 | 2 | 2 | |
| C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | 38 | 38 | 38 | 38 | |
| D Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation? | 2 | 2 | 2 | 2 | |
| E. Alin sa mga estratehiyang pagtuturo na nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | Ang paggamit ng iba't ibang estratehiya tulad ng scaffolding, collaborative at iba pa ay makakatulong ng malaki upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral. | Estratehiya sa pangkatang-gawain tulad ng collaborative ay nakakatulong ng lubos sa mga bata. | Ang estratehiya sa paglalaro na naging kawili-wili sa mga mag-aaral. | Estratehiyang Collaborative ang ginamit dito dahil mabilis silang nagkakaunawaan kung nagpapalitan sila ng ideya | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyon sa tulong ng | Hindi sapat ang oras sa mga pangkatang-gawain. | Hindi sapat ang oras sa mga pangkatang-gawain. | Hindi sapat ang oras sa mga pangkatang-gawain. | Hindi sapat ang oras sa mga pangkatang-gawain. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| aking punung-guro at superbisor? | | | | | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking ginamit/nadiskubre na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | | | | | |